

Mga Pagbabago sa pag-aply para sa Refugee

Ang binagong Immigration Control Act ay ipinasa at pinagtibay noong Hunyo 9, 2023

Sa Japan, sa panahon ng proseso ng aplikasyon para sa refugee ay hindi sila dine-deport at ang kanilang pananatili sa bansa ay pinalawig sa pamamagitan ng panukalang "provisional release". Ang kamakailang pag-amyenda sa Immigration Control Act ay hindi na papayagan ang pangmatagalang pananatili batay sa aplikasyon ng refugee, at kung ang isang refugee application ay hindi naaprubahan nang 3 beses, ang aplikante ay ide-deport. Ito ang isang malaking problema para sa mga dayuhan na gustong pumasok sa Japan bilang refugee dahil ang kasalukuyang sitwasyon ng pagkakaloob ng status ng refugee ay bihirang kilalanin sa Japan.

Mayroong 7 organisasyon, kabilang ang National Network in Solidarity with Migrants, isang non-profit na organisasyon ay nananawagan sa mga tao na "huwag sumuko at mawalan ng pag-asa at sama-sama tayong magkakapit kamay". Kung gusto ninyong malaman ang higit pa tungkol sa batas na ito o kailangan ninyo ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na organisasyon o maari ding magtanong sa FICEC.

Para sa mga dayuhang nasyonal Network 119

TEL 090-3009-3619 FAX 048-834-0237 Email: gaikokujin119(at)yahoo.co.jp

<https://119network.jimdo.com/> Mga wika : English, Spanish

Pagdiriwang para sa ika- 260 isyu ng Information Fujimino

Ang paglathala ng "Information Fujimino" ay umabot na sa ika- 260 isyu bilang isang multilingual na magasin na naglalaman ng mga impormasyon para sa mga dayuhang naninirahan sa lungsod ng Fujimino, Fujimi at bayan ng Miyoshi. Ito ay 26 taon na mula ng ika-unang isyu. Sa panahong lumipas ay malaki na ang ipinagbago ng kalagayan at pamumuhay ng mga dayuhang residente.

Noong mga unang araw ang nilalaman ng karamihang mga konsultasyon ay ukol sa DV o pagiging biktima ng karahasan at paghingi ng proteksyon. Nitong mga huli ang pagpapayo ay nabago sa tema ng "pag-aaral at mataas na edukasyon", "diborsyo at mana" at iba pa.

Maliban sa mga pagsasalin sa Nihongo, English, Tagalog, Korean, Chinese, Persian, Spanish, at Portuguese nang lumaon ay nagkaroon din ng kahilingan ng pagsasalin sa Vietnamese at Nepalese.

Isa pa ding malaking pagbabago sa paglipas ng 26 taon ay ang dami ng impormasyon na mayroon ang mga dayuhan mismo. Sa paglawak na paggamit ng internet at smartphone, ang mga dayuhang residente ay lumikha ng kanilang mga sariling network upang maging mas madali ang paghahanap ng impormasyon.

Ang Information Fujimino ay dapat ding tumugon sa pagbabago ng mga pangangailangan sa paglipas ng panahon. Kaugnay nito ay nais naming ipagpatuloy ang paglathala ng magasin na sumusuporta sa mga dayuhang residente na naninirahan at nagtatrabaho dito.

Hangad din namin sa pamamagitan ng magasin ang patuloy na pagbibigay ng impormasyon sa mga dayuhang naninirahan dito sa Japan at upang magkaroon ng pakikipag-ugnayan gamit ang siyensya ng internet sa pamamagitan ng website ng FICEC, ang magasin, Instagram, Facebook at iba pa.

Gayundin ay nais namin na hindi lamang maging one-way na magasin ng impormasyon kundi ay maging interactive na magasin ng impormasyon.



Si Ms. Minh, isang Vietnamese translator at interpreter sa FICEC, ay nagbigay ng talumpati sa Fujimi Int'l Exchange Forum "Talumpati ng mga Dayuhang residente" noong Oktubre 1.



Magandang araw sa inyo. Ako ay si Duo Minh Hung, isang Vietnamese .
 May 14 na taon na mula ng dumating ako dito sa Japan. Noong nagsisimula pa lamang akong mag-aral sa isang Japanese language school, ay nahihiya akong magsalita at makipag-usap dahil hindi pa ako gaaanong marunong ng Nihongo. Kapag may itinatanong sa akin ay ngumingiti na lamang ako dahil hindi ko alam kung paano pahabain ang pakikipag-usap. Nang magtapos ako sa kolehiyo kaagad ay nag-asawa na ako at hindi na ako nag-trabaho. Nang lumaon ay nagkaanak na kami at naging abala na ako sa pag-asikaso sa kanila. Kasama ng aking mga anak ay nagkaroon din ako ng mga kaibigang mga nanay na Hapon at mas natuto ako ng wikang Nihongo sa pakikitungo sa kanila.

Napagtatanungan ko sila at marami akong natutuhan sa kanila. Magkaiba ang pamamalakad dito sa Japan kumpara sa Vietnam at maraming mga bagay na nakakatuwa at nakakagitla na ngayon ko lang naranasan. Dito sa Japan, ang mga bata ay pumapasok sa eskuwela na sila-sila lang simula ng grade 1. Noong una ay nag-alala ako subalit nang lumaon ay nasanay na din ako at naging palagay na ang aking loob. Habang lumalaki ang mga bata ay mas marami ang kanilang mga pagtatanong kung kaya't kailangang ko ding maging masigasig sa pag-aaral ng Nihongo. Mabilis dumaan ang panahon ng paglaki ng mga bata kung kaya't gusto kong magkaroon sila ng kaaya-aya at masayang mga karanasan na magiging magandang mga alaala ng kanilang kabataan.

Hangad ko din na sana ay maging kaaya-aya at masaya ang aming pamumuhay dito sa Japan.

12
/
10

やさしい日本語 まちさんぽツアー

Gumawa tayo ng walis at kumain ng ginkgo nuts!

Sumama na at maglakad tayo sa Fujimino-shi!
 Ang pagpapaliwanag ng tour ay sa simpleng Nihongo.
 Programa ng tour:

- paglalakad sa lugar na may mga kahoy ng ginkgo.
- paggawa ng walis (gamit sa paglilinis).
- meryenda: tsaa at (ginnan) ginkgo nuts.

| | | |
|-------------------|--|--|
| Kailan: | Disyembre 10 (Linggo) 12:30-17:00 | |
| Tagpuan: | Sa harapan ng Fujimino City Hall Main Building | |
| Bayad sa pagsali: | 300 yen | |
| Magpalista: | Internet / Phone / E-mail ※ Hanggang 20 katao | |
| Kontak: | Fujimino City Board of Education, Social Education Section 049-220-2088 (8:30-17:15, Lunes~Biyernes) E-mail: bunkazai@city.fujimino.saitama.jp | |

Kung hindi ninyo maintindihan ang mga sulat at notipikasyon galing sa munisipyo, paaralan, at iba pa, pumunta lamang sa FICEC

- Abiso ng pagbayad ng buwis
- Abiso ng pagbayad ng kuryente, gaas at iba pa
- Rekomendasyon sa pagpapagamot
- Pagsumite ng abiso sa pagpasok sa eskuwelahan
- Abiso ng pagsusuri sa kalusugan sa eskuwelahan
- Aplikasyon para sa My Number
- Mga dokumentong ibinibigay ng munisipyo sa paglipat o paglabas
- Aplikasyon para sa allowance ng bata, sa pagpapalaki ng bata, at para sa pamilyang nag-iisang magulang
- Abiso tungkol sa mga ebento katulad ng sports festival at mga school trip.